



**BC Renal Agency**  
An agency of the Provincial Health Services Authority

# Ang Inyong Fistula

*Ang ilang tao ay tinatawag ang kanilang 'fistula' (vascular access) na isang daan ng buhay (lifeline) dahil nagagawa nitong posible ang dialysis. Ang pag-aaral ng lahat ng maaaring malaman tungkol sa inyong 'fistula' ay mahalaga...at ang brosyur na ito ay isang kasangkapan upang magawa nga ito. Kung mayroon pa kayong katanungan pagkatapos na mabasa ito, makipag-usap sa inyong doktor o iba pang miyembro ng pangkat na nangangalaga ng kalusugan.*

## Ano ang Pagpasok sa Daluyan ng Dugo (Vascular Access)?

May tatlong uri ng pagpasok sa daluyan ng dugo:

- Ang fistula
- Ang graft
- Ang catheter

Pinapayagan nito ang pangkat na nangangalaga ng kalusugan na mapasok ang inyong daluyan ng dugo nang paulit-ulit. Sa bawat pagkakataon na kayo ay may hemodialysis na pagagamot anginyong pasukan ng daluyan ng dugo (vascular access) ay ikinakabit ng isang tubo sa makinang pang-dialysis. Ang isang tubo ay dinadala ang dugo sa makinang pang-dialysis upang malinis. Ang isang tubo ay ibinabalik ang malinis na dugo sa inyong katawan. Ang prosesong ito ng pagdadala ng dugo sa at mula sa inyong katawan sa makinang pang-dialysis ay inuulit ng maraming beses sa panahon ng pagdi-dialysis.

Ang polyetong ito ay nagbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa mga *fistula* at kanilang pangangalaga.


## Ano ang isang Fistula?

Pinagdudugtong ng siruhano (surgeon) ang ugat at arterya. Ang operasyong ito ay nagpapahintulot upang dumaloy ang dugo mula sa arterya papunta sa ugat. Ang resulta ay ang paglaki at pagtibay ng ugat. Ang tawag sa malaking ugat na ito ay fistula. Dalawang karayom na ginagamit sa hemodialysis ang itutusok sa inyong fistula tuwing may dialysis na pagagamot.

Ang fistula ang unang pinipili para sa daluyan ng dugo (vascular access). Mas tumatagal ang mga fistula kaysa mga 'graft' o 'catheter', at mas kakaunti ang kaakibat na problema katulad ng impeksiyon at pamumuo ng dugo.



**Fistula**



## Pangkaraniwan ang mga 'Fistulas':

- ay ipinapasok sa braso na may pinakamahasag na daluyan ng dugo. Kung ang parehong braso ay may magandang daluyan ng dugo, ang braso na hindi ninyo ginagamit nang madalas ang pinipili (kung kayo ay maka-kanang kamay, ito ay ipapasok sa kaliwang kamay);
- ay ginagawa bilang pang-araw na paraan ng pagganap (day procedure) sa ospital (hindi ninyo kailangang nasa ospital ng magdamag); at
- ay tumatagal ng ilang buwan bago tuluyang gumaling at "gumulang" (ibig sabihin ang ugat ay lalaki hanggang maaari).

### Ano ang Kailangan Kong Gawin Pagkatapos ng Operasyon

1. **Magbantay para sa pamamaga.** Ang inyong braso ay maaaring mamaga pagkatapos ng operasyon. Kapag ito ay nangyari, pagsikapan na panatilihing nakadiretso ang inyong braso at nakataas sa unan, kahit na sa pagtulog.
2. **I-monitor o subaybayan ang antas ng inyong kakulangan sa ginhawa.** Kung ang antas ng inyong kakulangan sa ginhawa ay nasa kainaman hanggang katamtaman, gamitin ang gamot sa pananakit o kirot na iminungkahi ng inyong doktor. Kung hindi ito nagkabisá, sabihin sa inyong doktor o nars.
3. **Pamalagiing gumagalaw ang inyong mga daliri.** Ang inyong mga daliri sa braso na may ‘fistula’ ay dapat na kapareho ng kulay at temperatura ng mga daliri sa inyong kabilang kamay. Maaaring magkaroon kayo ng pamamanhid, panlalamig at kakulangan sa ginhawa sa simula, subalit ito ay bubuti sa paglipas ng oras o mga araw. **Ang matinding pamamanhid o pananakit ay hindi normal.**
4. **Pangalagaan ang inyong benda.** Pagkatapos ng operasyon, pamalagiing malinis at tuyo ang inyong benda. Ang paliligo sa ‘tub’ ang pinakamahasay na paraan ng paglilinis dahil mas madaling mag-‘sponge’ habang pinanatili ninyong tuyo ang inyong benda. Tanungin ang inyong siruhano o nars tungkol sa paraan para sa pangangalaga ng inyong benda. May ilan na mas gusto nilang palitan nang regular ang benda (pangkaraniwan tuwing ikalawang araw) at ang iba naman ay gusto na palitan lamang ito kapag nabasa. Kung ang sugat ay tuyo at naghihilom, tanggalin ang benda subalit pamalagiin na ang bahaging ito ay malinis at tuyo. Tanungin ang inyong siruhano o nars tungkol sa paliligo o pagsa-shower kapag wala na kayong benda.
5. **Pangalagaan ang inyong mga tahi.** Tanungin ang inyong siruhano kung ang kaniyang ginamit ay yung kusang nalulusaw na pantahi, regular na pantahi o ‘clips’. Kung regular na pantahi o ‘clips’ ang ginamit, tanungin kung kailan tatanggalin ang mga ito. Kapag ang mga tahi ay tinanggal, linisin ang bahagi ng ‘fistula’ araw-araw gamit ang sabon na suwabe ang tapang at tubig. Kung ang ginamit ay yung kusang nalulusaw na pantahi, maghintay hanggang ang sugat ay ganap na naghilom bago maglinis ng inyong braso.
6. **Pumunta sa inyong mga ‘follow-up’ na appointment.** Kayo ay ibu-book para sa mga susunod (follow-up) na appointment

– pangkaraniwan mga dalawa hanggang anim na linggo matapos na magawa ang ‘fistula’. Ang mga appointment ay maaaring sa opisina ng inyong doktor, sa klinik ng sakit sa bato (kidney clinic), sa unit ng dialysis o sa klinik ng ‘vascular access’.

7. **I-tsek ang inyong Fistula.** Tuturuan kayo na i-tsek kung ang inyong ‘fistula’ ay maayos sa pamamagitan ng pagdama para sa umuugong na pakiramdam (buzzing sensation) na tinatawag na “thrill.” Magandang makaugalian na mag-tsek para sa ‘thrill’ tuwing umaga at tuwing gabi.

### Paano Kong Mapapanatiling Malusog ang Aking ‘Fistula’?

- Mag-tsek para sa ‘thrill’ araw-araw, o kahit ilang beses sa isang araw.
- Isa-isip ang tungkol sa inyong isusuot na maaaring magbigay ng presyur o pabigat sa inyong fistula at IWASAN ito! Ang palagiang pabigat (kahit magaan) ay maaaring pabagalin ang daloy ng dugo. Maaaring gustuhin ninyo na isuot ang inyong relas sa kabilang kamay, hindi de-butones na punyos (cuffs), at huwag ilagay ang istrap ng mga bag o ‘purses’ sa ibabaw ng balikat kung nasaan ang inyong braso na may ‘fistula’.
- Mahalaga na mamalaging aktibo, subalit ang mga palakasan na may kontak sa mga kalaro ay hindi magandang ideya. Ang mga malalakas na tama sa inyong ‘fistula’ ay pipinsalain ito. Ang golf ay mas magandang piliin kaysa volleyball.
- Isa-isip ang tungkol sa posisyon nang kayo ay makatulog at gumising. Mayroon bang presyur o pabigat sa inyong braso na may fistula? Maaaring mahirap na palitan ang posisyon sa pagtulog, subalit sikapin na matulog sa inyong likod at ang inyong braso na mga ‘fistula’ ay nakataas sa unan.
- Ilaan ang inyong braso na may ‘fistula’ para sa dialysis at ipaalam ito sa iba. Huwag **PAYAGAN** na kumuha ng presyon ng dugo sa brasong ito. Huwag **PAYAGAN** na kumuha ng dugo para sa pagsusuri mula sa brasong ito o magsimula ng ‘intravenous’ sa brasong ito. **AYOS** lang na sabihin ito sa ibang manggagawang nangangalaga ng kalusugan, dahil hindi lahat ay nakakaalam kung ano ang ‘fistula’.
- Magsuot ng Medical Alert na pulseras (bracelet) o magdala ng kard sa inyong pitaka (wallet) upang malaman ng mga manggagawang nangangalaga ng kalusugan na kayo ay may ‘fistula’. *Tiyakin na ang inyong pulseras o kard ay kasama ang impormasyon kung nasaan ang inyong ‘fistula’.*

## Ano ang Kailangan Kong Gawin Bago ang Panggagamot ng Dialysis?

- Hugasan ang inyong kamay at ang inyong 'fistula' ng mainit-init na tubig at sabon na may panlaban sa bakteryang (antibacterial soap).
- Kapag gumagamit ng pamamaraang "rope ladder" (yung ibang bahagi ng inyong fistula ang kinakarayom bawat pagkakataon) hilingin sa inyong nars na bagu-baguhin kung saan ipinapasok ang karayom. May ilang pasyente na mas gusto nila na sila mismo ang magtusok ng karayom.

## Ano ang Kailangan Kong Gawin Pagkatapos ng Panggagamot ng Dialysis?

- Pag-aralan na papanatilihin ang inyong sariling karayom sa lugar sa pamamagitan ng paggamit ng suwabeng presyur mula 10 – 15 minuto. Idiin sa lugar ng karayom at sa may bandang ibabaw.
- Magsuot ng 'gloves' kapag pinananatili ang inyong karayom sa lugar.
- Kapag huminto ang pagdugo, lagyan ng teyp (tape) ang gasa upang mapirmi ng lugar, subalit iwasan na balutan ng teyp ang buong paligid ng inyong braso.
- Tanggalin ang gasa 4 – 6 na oras pagkatapos ng inyong paggagamot ng dialysis.
- Maaasahan ninyo na magkakaroon ng langib kung saan ang mga karayom ay ipinasok. Iwasan na kamutin o tanggalin ang mga langib.
- Kapag ang inyong 'fistula' ay nagsimulang dumugo at ito ay matapos kayong makaalis sa dialysis unit, diin nang marahan hanggang 10 minuto gamit ang malinis na tuwalya o gasa. **Kapag hindi huminto ang pagdugo, panatilihin ang pagdiin at pumunta sa Emergency Department.** Ipaalam din sa inyong pangkat ng hemodialysis. Magandang ideya na may dala kayong gasa.

## Kailan Ko Dapat Tawagan ang Aking Doktor sa Sakit sa Bato (Nephrologist) o Dialysis Unit?

- Kapag hindi ninyo nadarama ang "thrill" o kapag naiiba sa karaniwan ang pakiramdam nito.
- Mayroong anumang pamumula, pag-iinit o pananakit sa inyong braso na may 'fistula'.
- Mayroong anumang tumatagas o umaagos mula sa inyong 'fistula'.
- Mayroon kayong kapansin-pansin na pamamaga o

pangangati sa inyong braso na may 'fistula'.

- Hirap kayong igo ang mga daliri sa inyong braso na may 'fistula'.
- Kayo ay parang may lagnat, at may alinman sa mga sintomas na nabanggit sa itaas.

## Mahahalagang mga Numero ng Telepono

Doktor sa sakit sa bato \_\_\_\_\_

Siruhanong Pang-Vascular \_\_\_\_\_

Yunit ng Dialysis \_\_\_\_\_

Klinik para sa sakit sa Bato \_\_\_\_\_

Klinik para sa Vascular Access \_\_\_\_\_

Ang impormasyon sa polyetong ito ay ipinagkakaloob para sa mga layuning pang-edukasyon at pang-impormasyon, at upang suportahan ang inyong pakikipag-usap sa inyong pangkat na nangangalaga ng kalusugan tungkol sa inyong kondisyon na pang-medikal at paggagamot. Hindi ito ibinibilang na payong pang-medikal at hindi dapat na ipalit sa payong ibinibigay ng inyong doktor o iba pang kwalipikadong propesyonal na nangangalaga ng kalusugan.

Ang brosyur na ito ay maaaring i-download mula sa website ng BC Renal Agency sa:

[www.bcrenalagency.ca](http://www.bcrenalagency.ca)

